Ang kamay na mataas ay higit na mabuti kaysa sa kamay na mababa

Ayon kay `Abdullāh bin `Umar (malugod si Allāh sa kanilang dalawa): {Ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagsabi habang siya ay nasa pulpito at bumabanggit ng kawanggawa at pagpipigil sa panghihingi: "Ang kamay na mataas ay higit na mabuti kaysa sa kamay na mababa sapagkat ang kamay na mataas ay ang tagagugol at ang mababa ay ang tagahingi."}

[Tumpak] [Nagkasang-ayon sa katumpakan nito]

Binanggit ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan), habang siya ay nagtatalumpati sa pulpito, ang pagpipigil sa panghihingi. Pagkatapos nagsabi siya: "Ang kamay na mataas na tagagugol na tagapagbigay ay higit na mabuti kaysa sa kamay na mababang tagahingi."

http://sunnah.global/hadeeth/tl/show/3599